

# Paghahanda para sa iyong **PAGLILITIS SA MALILIIT NA MGA PAGHAHABOL**

Mayroon ka bang nalalapit na paglilitis sa maliliit na mga paghahabol? Ang pinakamabuting bagay na magagawa mo ay maging handa. Narito ang ilang mga payo upang matulungan ka.

## **BAGO PUMUNTA SA KORTE**

### **Paghandaan ang Iyong Kaso**



Basahin ang mga papeles ng korte na isinampa mo at ng kabilang panig. Intindihin kung anong hinihiling mong gawin o pasyahan ng korte.



Sumulat ng maikling buod para sa iyong kaso at iyong pananaw tungkol sa mga isyu.



Pagsama-samahin ang iyong mga ebidensya. Ito ang impormasyong maaari mong ipakita sa hukom upang patunayan ang iyong kaso. Ayusin ito upang madali mo itong mahanap sa panahon ng iyong paglilitis.



Gumawa ng balangkas ng iyong kaso. Isama ang bawat kahilingan na gusto mong gawin o listahan ng mga dahilan kung bakit. Isulat kung ano sa tingin mo ang hihilingin ng kabilang panig at ihanda ang sagot para sa mga ito.

## **SA ARAW NG KORTE**

### **Iharap ang Iyong Kaso**

Kapag tinawag ang iyong kaso, pumunta sa mesa sa harap ng silid ng korte. Iharap ang iyong buod. Sa panahon ng paglilitis, tingnan ang iyong mga tala at balangkas upang tulungan kang matiyak na wala kang nakakalimutang anuman. Makatutulong din ito na tulungan kang maging kalmado kung kinakabahan ka.

Huwag umasa sa hukom na tanungin ka o matandaan ang lahat ng bagay na hinihiling mo. Kung may bagay na hindi naitanong, sabihin ito.



Pagtuunang ng pansin ang sinasabi ng hukom. Tiyaking nauunawaan mo ang mga kautusan ng korte at kung ano ang kailangan mong gawin kapag natapos na ang paglilitis. Kung may bagay kang hindi nauunawaan, sabihin mo agad sa hukom.

### **Anong mga uri ng ebidensya ang maaaring ipakita?**

Maaari kang magdala ng pisikal na mga ebidensya, tinatawag na “mga katibayan.” Maaaring ito ay mga bagay tulad ng mga litrato, video, ulat ng pulisya, medikal na mga bayarin, text message, post sa social media, o iba pang mga dokumento na makatutulong upang patunayan ang iyong kaso.

Maaari ka ring magdala ng mga testigo upang magbigay ng mga pahayag tungkol sa iyong kaso. Ang kanilang mga pahayag ay tinatawag na “testimonya.”



### **Karagdagang mga Payo sa Pagpunta sa Korte:**

- Dumating sa korte sa tamang oras, o mas mabuti pa, nang maaga.
- Tawagin ang hukom bilang “Ang Iyong Karangalan.”
- Magsalita nang malinaw at malakas at kapag oras mo LAMANG.
- Huwag sumabad sa hukom o sa kabilang panig.